



PAGTUTULUNGAN SA PANGANGALAGA (Karta ng mga Karapatan at Responsibilidad ng mga Pasyente)

Ikaw at ang iyong chiropractor ay may pantay at mahalagang papel sa pagsisikap na makamit ang pinakamabuti mong kalusugan at kapakanan.

May karapatan kang umasa na magbibigay ang iyong chiropractor ng...

- ✓ etikal na pagsasagawa ng propesyon
- ✓ may paggalang, matapat at malinaw na komunikasyon sa lahat ng aspekto ng konsultasyon, pahintulot, eksaminasyon at pangangalaga
- ✓ lubusang paghahayag ng mga patakaran, proseso at bayarin
- ✓ nauugnay, ligtas at sumusuportang pangangalaga na nakatuon sa pasyente
- ✓ mga tumpak at komprehensibong record
- ✓ isang pribado at malinis na lugar para sa pagtanggap ng pangangalaga mula sa chiropractor, na gumagalang sa mga kahilingan ng pasyente
- ✓ kaginhawahan at accessibility para sa mga kapansanan at karapatang pantao, o mga kahaliling kaayusan kung hindi posible ang accessibility
- ✓ pagkakaroon ng kaalaman sa mga kasalukuyang isyu sa kalusugan at kapakanan
- ✓ impormasyon tungkol sa mga chiropractic na alok
- ✓ napapanahon at kinakailangang komunikasyon at/o referral sa ibang propesyonal sa kalusugan
- ✓ nasa oras na paglipat ng mga record, kapag hiniling
- ✓ pagsunod sa mga regulasyon, pamantayan sa pagsasagawa ng propesyon, patakaran at alituntunin ng College of Chiropractors of Ontario (CCO) (naka-post ang impormasyon sa web site ng CCO sa www.cco.on.ca)
- ✓ privacy at pagiging kumpidensyal ng iyong personal na impormasyon sa kalusugan
- ✓ paggawi at pagiging tiyak tungkol sa mararangal na pampropesyong hangganan
- ✓ paghahayag ng tunay o nahiwatigang mga pagkakasalungatan ng interes
- ✓ isang proseso para sa pagtanggap sa paggagamot at pagbawi ng pahintulot anumang oras

Ang iyong mga responsibilidad sa chiropractor mo ay ang magbigay ng...

- ✓ matapat, tumpak at lubusang paghahayag ng lahat ng may kaugnayang impormasyon sa kalusugan
- ✓ kapaki-pakinabang na feedback (positibo/negatibo) may kinalaman sa lahat ng aspekto ng pangangalaga
- ✓ kompromisong makikipagtulungan sa iyong plano ng paggagamot
- ✓ pagsunod sa mga patakaran, proseso at bayarin ng opisina
- ✓ paggalang at respeto sa kapaligiran ng opisina, sa staff at sa iba pang pasyente
- ✓ napapanahong impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Ang CCO ay ang lupong tagapamahala na itinatag ng pamahalaan ng probinsya para pangasiwaan ang mga chiropractor sa Ontario. Ang bawat chiropractor na nagsasagawa ng propesyon sa Ontario ay dapat na rehistradong miyembro ng CCO.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa www.cco.on.ca.